**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 22, 185-201

# Representasyon ng kababaihan sa mga piling tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo




Manlise, Gigi B. ✉
*Rep. Maximino Noel (Guadalupe) National High School, Philippines (gigi.manlise@deped.gov.ph)*

**Received**: 19 September 2026 **Revised**: 28 October 2026 **Accepted**: 30 October 2026
**Available Online**: 31 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26445

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstrak***

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang representasyon, mga feminismong tema, estereotipo, at usaping panlipunan sa tatlong piling tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo: ang *Liham ni Pinay Mula sa Brunei* ni Ruth S. Mabanglo, *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma* ni Joi Barrios, at *Bago ang Babae* ni Rebecca T. Añonuevo. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman (*content analysis*), na nakaangkla sa Teoryang Feminismo at Estrukturalismo. Batay sa mga natuklasan, nangingibabaw sa mga akda ang malayang sukat at tugmaan, gayundin ang masining na paggamit ng tayutay, simbolismo, tono, at imahe upang bigyang-diin ang karanasan at pakikibaka ng kababaihan. Inilalarawan ang kababaihan bilang masipag, mapagsakripisyo, matatag, at nagtataglay ng sariling awtonomiya at pagkakakilanlan sa kabila ng mga patriyarkal na hadlang, dobleng pasanin, at karahasan. Lumitaw rin sa pagsusuri ang mga usaping panlipunan tulad ng migrasyon, kaligtasan, at pantay na karapatan. Bilang pangunahing awtput ng pananaliksik, nabuo ang isang modelong banghay-aralin para sa Filipino 9 upang malinang ang kritikal na pag-iisip at kamalayang pangkasarian ng mga mag-aaral.

***Mga Susing Salita:*** representasyon ng kababaihan, feminismo, estrukturalismo, pagsusuring pangnilalaman, modelong banghay-aralin

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

# Representasyon ng kababaihan sa mga piling tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo

## 1. Panimula

Sa makabagong panahon, patuloy na lumalawak ang papel ng kababaihan sa lipunan, subalit nananatili pa rin ang mga anyo ng diskriminasyon at patriyarkal na pananaw na humahadlang sa ganap na pagkilala sa kanilang kakayahan at karapatan (Viacrucis, 2024; Jocson, 2020). Dahil dito, naging mahalagang larangan ang panitikan sa pagpapakita ng mga karanasan, identidad, at pakikibaka ng kababaihan (Gorumba, 2019). Sa pamamagitan ng feminismong pananaw, naipapakita ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at ang paglaban sa mga umiiral na estereotipo (Mangarin at Bungabong, 2024). Samantala, binibigyang-diin ng estrukturalismo ang pagsusuri sa mga elemento at estruktura ng teksto upang higit na maunawaan ang mga kahulugan at ugnayang nabubuo sa loob ng akda (Cuddon, 2013). Hindi lamang nagsisilbing salamin ng lipunan ang panitikan, kundi isa rin itong makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping panlipunan. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga akdang pampanitikan, nabibigyang-halaga ang iba't ibang pananaw, karanasan, at identidad na bumubuo sa lipunan. Ayon kina (Stotz, 2023; Cerenado at Quimbo, 2022), ang paggamit ng feminismong pananaw sa pagtuturo ng panitikan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, empatiya, paggalang sa pagkakaiba-iba, at pagpapahalaga sa pantay na karapatan ng bawat kasarian.

Bagama't may mga pag-aaral na nagsuri sa representasyon ng kababaihan sa panitikan gamit ang feminismong dulog (Jocson, 2020) kakaunti pa rin ang mga pananaliksik na pinagsasama ang feminismo at estrukturalismo sa pagsusuri ng mga tula sa Bagong Milenyo. Higit na limitado rin ang mga pag-aaral na naglalayong gamitin ang resulta ng pagsusuri bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, karamihan sa mga naunang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng mga maikling kuwento, nobela, at iba pang anyo ng panitikan, samantalang nananatiling limitado ang pagsusuri sa mga kontemporaryong tula na gumagamit ng pinagsanib na dulog ng feminismo at estrukturalismo. Dahil dito, nananatiling may puwang sa literatura hinggil sa kung paano mailalapat ang dalawang dulog upang mas mailantad ang representasyon ng kababaihan at maisalin ang mga natuklasan tungo sa mas makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Bukod sa puwang sa kasalukuyang literatura, ipinakikita ng mga resulta ng iba't ibang pagtatasa sa pagbasa at pag-unawa na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa mas mataas na antas ng pag-unawa, kabilang ang interpretasyon, pagsusuri, at paglalapat ng kahulugan sa mga tekstong pampanitikan. Ang sitwasyong ito ay higit na nakikita sa pagsusuri ng tula sapagkat nangangailangan ito ng masusing pag-unawa sa simbolismo, tayutay, estruktura, at mga temang nakapaloob sa akda. Bagama't binibigyang-diin ng kurikulum sa Filipino ang paglinang ng kasanayang pampanitikan, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na tumutukoy sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa masusing pagsusuri ng mga kontemporaryong tula gamit ang pinagsanib na dulog ng feminismo at estrukturalismo. Dahil dito, lumilitaw ang pangangailangang magsagawa ng pananaliksik na hindi lamang susuri sa representasyon ng kababaihan sa mga tula ng Bagong Milenyo kundi magbibigay rin ng batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapalawak ng kompetensi ng mga mag-aaral sa kritikal na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Bilang tugon sa pangangailangan ng inklusibo at makabuluhang edukasyon, isinama ng Department of Education (2023) sa binagong kompetensi sa Filipino ang pagsusuri ng mga akdang pampanitikan batay sa konteksto, pananaw, at karanasan ng tao. Kaugnay nito, kinumpirma rin ng Philippine Commission on Women (2025) na nananatili pa rin ang mga estereotipo sa mga kagamitang pampagtuturo, kaya't patuloy ang pakikipagtulungan nito sa DepEd, CHED, at TESDA upang maisulong ang *gender-fair* at inklusibong edukasyon. Kaugnay nito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang mga tula sa Bagong Milenyo gamit ang feminismo at estrukturalismong pananaw. Layunin nitong mailantad ang representasyon ng kababaihan, mapalalim ang pag-

unawa ng mga mag-aaral sa mga isyung pangkasarian, at makabuo ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa paglinang ng kritikal, inklusibo, at makataong pagkatuto sa asignaturang Filipino. Inaasahan ding makapag-aambag ang pag-aaral na ito sa pagpapayaman ng mga lokal na pananaliksik sa panitikang Filipino at magsilbing sanggunian ng mga guro, mananaliksik, at mga susunod pang pag-aaral na may kaugnayan sa pagsusuri ng panitikan gamit ang pinagsanib na dulog ng feminismo at estrukturalismo.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pangangailangang suriin ang estruktura ng mga piling tula, ang mga representasyon o katangian, estereotipo, at mga usaping panlipunan na kinakaharap ng kababaihan na masasalamin sa mga akdang nailathala mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo, upang magsilbing batayan sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo o modelong banghay-aralin sa asignaturang Filipino 9. Kaugnay nito, ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga piling tula nina Ruth Mabanglo, Joi Barrios, at Rebecca Añonuevo sa pamamagitan ng pinagsanib na pananaw na feminismo at estrukturalismo upang mailantad ang mga estereotipo at usaping panlipunan ng kababaihan na gagamiting gabay sa pagbuo at pagpapatibay ng isang modelong banghay-aralin para sa pagtuturo sa Filipino 9.

***Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng representasyon, mga feminismong tema, estereotipo, at mga usaping panlipunan ng kababaihan sa pamamagitan ng paggamit ng feminismong pananaw at estrukturalismo sa tatlong piling tula nina Ruth Mabanglo (“Liham ni Pinay Mula sa Brunei”), Joi Barrios (“Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma”), at Rebecca Añonuevo (“Bago ang Babae”) na nailathala mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo. Nililimitahan ang saklaw ng pananaliksik na ito sa pagsusuri ng mga nabanggit na estruktura at temang pampanitikan upang magsilbing batayan sa pagbuo ng isang modelong banghay-aralin para sa asignaturang Filipino 9. Hindi saklaw ng pag-aaral na ito ang iba pang mga akdang pampanitikan na nailathala sa parehong panahon gayundin ang ibang teoryang pampanitikan na maliban sa feminismo at estrukturalismo.

***Kahalagahan ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay kapaki-pakinabang sa mga guro sa asignaturang Filipino, mga mag-aaral, mga tagapamahala ng paaralan, mga mambabasa at mga mananaliksik sa hinaharap.

- **Mga Guro.** Ang mga **guro sa asignaturang Filipino** ay siyang nagpapatupad ng mga kompetensi sa pagtuturo ng mga tula gamit ang feminismo at estrukturalismong pananaw at ang kagamitang pampagtuturo sa pananaliksik na ito ay ang kanilang gabay upang mabigyan ng napapanahong estratehiya sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga kababaihan na nasasalamin sa panitikang Filipino.

- **Mga Mag-aaral**. Ang mga **mag-aaral** na nabibilang sa bagong milenyo at naimpluwensiyahan ng makabagong kaisipan ay mabibigyan ng pagkakataong mapalawak ang kanilang pananaw tungkol sa kababaihan sa lipunan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, magkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyung pangkasarian at magiging mas sensitibo, mapanuri, at makatarungan sa kanilang pakikitungo sa iba.

- **Mga Tagapamahala ng Paaralan.** Ang mga **tagapamahala ng paaralan** ay mga saksi sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto at mga dahilan sa pag-usbong, pagbaba, at pag-abuso sa karapatan ng mga kabataa kung kaya’t ang pag-aaral na ito ay magbibigay direksyon sa mga tagapamahala ng paaralan gamit ang kagamitang pampagtuturo o *lesson exemplar* sa pananaliksik na ito upang mabalanse ang paggalang ng kanilang karapatan at pagwasak sa mga estereotipo.

- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Ang mga **mambabasa at mga mananaliksik sa hinaharap** ay maaaring gumamit ng ibang pananaw sa pag-unawa sa mga tula sa bagong milenyo upang mas mapalawak at mas mapalalim pa ang kaalaman tungkol sa mga kontekstong nakapaloob sa mga tula na magbibigay linaw sa mga kabaatan na nabibilang sa bagong milenyo.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong pananaliksik sa anyong pagsusuring pangnilalaman kung saan nais nitong suriin ang mga tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo na tumutukoy sa representasyon o katangian ng kababaihan, mga estereotipo, at mga usaping panlipunan na napapaloob sa mga tula tungkol sa mga kababaihan gamit ang feminismong pananaw.

***Pinagmulan ng Datos -*** Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pagsusuring pangnilalaman (*content analysis*) sa pagpili ng mga tulang susuriin kung saan ang pagpili ng tula ay nakaayon sa sumusunod na pamantayan: (1) kabilang ang tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng Bagong Milenyo bilang pagsunod sa kompetensing "nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa" – mga akda mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo – tula – na makikita sa Binagong Gabay na Kurikulum (MATATAG) sa Filipino 9; (2) ang mga akda ay nakatanggap ng gantimpala sa panitikan; at (3) ang mga akda ay naglalarawan sa mga kababaihan. Gamit ang batayan sa pagpili ng mga akda sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na akda nina *Ruth Mabanglo – Liham ni Pinay mula sa Brunei (1987); Joi Barrios – Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1990); at Rebecca Añonuevo – Bago ang Babae (1996)* na makikita sa SCRIBD ay angkop sa mga pamantayan na ito kung saan ang mga ito ay inilathala mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo na may limang (5) taong agwat sa paglalathala; ang mga makata sa mga akdang ito ay nakatanggap ng mga gantimpala sa panitikan tulad ng *unang babaeng akda na nakatanggap ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature Hall of Fame – Ruth S. Mabanglo; 1992 Don Carlos Palanca Memorial Awards For Literature - Maria Josephine Barrios*; *Don Carlos Palanca Memorial Awards For Literature - Rebecca T. Añonuevo*; at ang mga akda na ito ay nagpapakita ng mga representasyon o katangian ng mga kababaihan, estereotipo, at usaping panlipunan.

**Liham ni Pinay Mula sa Brunei** (1987) ni Ruth S. Mabanglo

Ang tulang ito ay nagsasalaysay sa tradisyonal na lipunan, ang babae ay ikinukulong sa loob ng tahanan bilang asawa at ina. Sa tula, binaligtad ni Mabanglo ang papel na ito. Ang babae (si Pinay) ang siyang lumabas ng bansa upang maging *breadwinner*. Ipinapakita nito na ang babae ay may kakayahang humawak ng responsibilidad na dati ay iniuukit lamang para sa mga lalaki. Ang tulang ito ay nagsasalaysay sa karanasan ng isang Pilipina na kung saan may iba't ibang papel na ginagampanan tulad ng pagiging isang ina, asawa, at manggagawa na napilitang mangibang-bansa dahil sa kahirapan at hindi pantay sa responsibilidad na kanyang natamasa sa kaniyang tahanan upang makamit ang kalayaan at kaligayahan. Inilalarawan sa tulang ito ang kanyang pagod bilang isang ina tulad ng paulit ulit na gawaing bahay at ang kakulangan ng suporta sa kaniyang asawa at ang kalungkutan na mawalay sa kaniyang mahal sa buhay. Sa kabila ng paghihirap, ipinapakita ng tulang ito ang katatagan ng isang babae na patuloy na nakikibaka sa gitna ng kahirapan, kalungkutan, at sakripisyo upang makamit ang kalayaan na inaasam.

**Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma** (1990) ni Joi Barrios

Ang tulang ito ay naglalarawan ng karanasan ng mga kababaihan na nabubuhay sa panahon ng digma na kung saan ang digmaan na ipinapahiwatig dito ay ang kahirapan, karahasan, at ang pang-aapi ng lipunan. Ipinapakita sa tula na ang pagiging babae ay may kaakibat na takot, sakripisyo, at responsibilidad hindi lang sa pansarili kundi sa kaniyang pamilya upang sila ay maitawid sa panganib sa tahanan, lipunan, at sa lansangan. Sa gitna ng takot na hinaharap ng mga kababaihan, ipinapakita sa tulang ito ang kanilang katatagan upang labanan ang karahasan at takot upang makamit ang kalayaan, kaligtasan, at dignidad.

**Bago ang Babae** (1996) ni Rebecca Añonuevo

Ang tulang ito ay nagpapahayag ng pansariling pagpapasiya ng mga kababaihan na isang palatandaan ng kalayaan sa makabagong panahon. Ipinapahiwatig sa tulang ito na ang mga kababaihan ay may karapatang pumili ng landas na kaniyang tatahakin, magsalita ng kaniyang saloobin at ang pagkakataong tumaliwas sa mga inaasahan sa kaniya ng lipunan. Sa tulang ito, winawasak ang mga estereotipo ng mga kababaihan sa lipunan tulad ng pag-

aasawa, pagiging ina, at ang pagiging ganap na tao. Hinihikayat ng tulang ito ang mga kababaihan na palaguin ang kanilang mga talento, kakayahan at dignidad bilang isang tao upang magkaroon ng kamalayan sa sarili, kapangyarihang pumili, at pantay na halaga sa isang makabagong lipunan.

***Pamamaraan sa Paglikom ng Datos -*** Upang makamit ang layunin ng pag-aaral na ito, nilikom ng mananaliksik ang mga piling tula nina *Ruth Mabanglo – Liham ni Pinay mula sa Brunei (1987); Joi Barrios – Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1990); at Rebecca Añonuevo – Bago ang Babae (1996)* na naisapubliko mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo na nagpapakita ng mga karanasan, estereotipo, at usaping panlipunan ng mga kababaihan. Ang mananaliksik ay hindi nagsumite ng liham pahintulot sa Punongguro sapagkat walang mga mag-aaral ang sangkot sa pag-aaral na ito. Bago naisagawa ang pagsisimula ng pag-aaral na ito ay tiniyak muna ng mananaliksik na ang mga tula ay angkop sa feminismong pananaw, naisapubliko mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo at ito ay tumutukoy at naglalarawan sa mga kababaihan bilang kagamitan sa pagsusuri. Pagkatapos, sinuri ang mga tulang napili na nakasentro sa mga elemento, katangian o representasyon ng mga kababaihan, mga feminismong tema, mga estereotipo ng mga kababaihan at mga usaping panlipunan na nangingibabaw sa tula. Kasunod ng pagsusuri ng mga tula ay inilahad ang mga sagot sa mga katunungan sa suliranin gamit ang isang *coding sheet* na hango sa induktibong pagsusuri ng nilalaman na nakabatay sa mga saknong, elementong estruktural, representasyon o katangian, tema, estereotipo, at mga usaping panlipunan tungkol sa mga kababaihan.

Sa pagpapatibay ng isinagawang pagsusuri, sumangguni ang mananaliksik sa mga balideytor. Upang mabalideyt ang kahusayan ng isinagawang pagsusuri, gumamit ang mananaliksik ng isang set ng talatanungan na ipinasagot sa mga piling balideytor. Ginamitan ito ng *5-point Likert Scale*: hindi umabot sa inaasahan (1), di-gaanong katanggap-tanggap (2), katanggap-tanggap (3), tinatanggap (4), at lubos na tinatanggap (5) upang masukat ang antas ng pagtanggap sa pagsusuri sa mga piling tula.

Ang unang balideytor ay nagtapos ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino* bilang *Academic Awardee* sa Filamer Christian University. Natamo rin niya ang digring *Master of Arts in Teaching major in Filipino* bilang Meritissimus sa kaparehong unibersidad at kasalukuyang kumukuha ng *Doctor of Education major in Educational Leadership.* Siya ay isang NQESH *passer* at naging iskolar ng CHED. Dumalo rin siya sa iba't ibang seminar, palihan, at kongreso hinggil sa wikang Filipino at pananaliksik sa antas pandistrito, dibisyon, rehiyon, at pambansa. Naging tagapagsanay siya sa mga patimpalak tulad ng Journalismo sa Filipino, Dagliang Talumpati, at iba't ibang kompetisyon sa pagsulat. Nagsilbi rin siyang tagapayo ng pampaaralang pahayagang pangkampus at naging *resource person* sa *Strengthened Senior High School at Revised K to 10 Curriculum.* Sa kasalukuyan, siya ay nanunungkulan bilang *Assistant School Principal II* sa Ivisan National High School habang ipinagpapatuloy ang kanyang doktoradong pag-aaral sa Filamer Christian University.

Ang ikalawang balideytor ay nagtapos ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino* at *Master of Arts in Teaching Filipino* sa Filamer Christian University. Nakapagtapos din siya ng 33 yunit sa *Doctor of Education major in Industrial Education.* Siya ay kasalukuyang nanunungkulan bilang *Secondary Head Teacher VI* sa Filipino at nagsilbing *school paper adviser* at tagapagsanay sa Capiz National High School. Kinilala rin siya bilang *regional resource speaker* at *trainer* sa Journalismo. Bukod dito, siya ay naging *Hall of Famer* bilang *Best School Paper Adviser* na iginawad ng *Philippine Information Agency* at pinarangalan bilang *Most Outstanding School Paper Adviser of the Philippines* noong 2026.

Ang ikatlong balideytor ay nakapagtapos ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino* sa Cebu Normal University at *Master of Arts in Teaching Filipino* sa Filamer Christian University. Nakapagtapos din siya ng 18 yunit sa *Doctor in Education major in Filipino Language Teaching* sa kaparehong unibersidad. Siya ay naging *online educator* at *college instructor,* gayundin ay nagsilbing tagapagsanay at manunulat sa *Filipino Declamation* at Talumpati. Naging tagapayo rin siya ng *school paper* at tagapagsanay sa iba't ibang patimpalak sa journalismo. Dumalo rin siya sa iba't ibang seminar, palihan, at kongreso hinggil sa wikang Filipino at pananaliksik sa antas pandistrito, dibisyon, rehiyon, at pambansa. Sa kasalukuyan, siya ay nanunungkulan bilang

*Master Teacher I* sa Capiz National High School.

Pagkatapos ay ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo o *lesson exemplar* na nakaayon sa mga resulta ng nakalap na datos na magsisilbing gabay sa mga guro sa pagtuturo ng mga tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo gamit ang feminismo at estrukturalismong pananaw. Sa pagpapatibay ng ginawang pagdalumat, sumangguni ang mananaliksik sa mga balideytor. At ang huli ay ang paglalahad ng mga nakalap na mga datos at ng kagamitang pampagtuturo.

## 3. Resulta at Pagtatalakay

Makikita sa kabanatang ito ang presentasyon ng ginawang pagsusuri sa mga piling tula mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo na naglalarawan sa mga kababaihan tulad ng mga tula nina Ruth Mabanglo – Liham ni Pinay mula sa Brunei (1987); Joi Barrios – Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1990); at Rebecca Añonuevo – Bago ang Babae (1996). Ang pagsusuri ay naglalaman ng representasyon o katangian ng mga kababaihan, mga estereotipo ng mga kababaihan, at mga usaping panlipunan na hinaharap ng mga kababaihan na namamayani sa tula upang maging gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagtuturo.

### *3.1 Representasyon o katangian ng kababaihan na mamamalas sa mga piling tula*

Ang mga representayon o katangian ng mga kababaihan ay mahalaga sapagkat ito ay humuhubog sa pagkakakilanlan upang mas mauunawaan at mailalarawan ang tunay na katangian ng mga kababaihan sa lipunan. Ipinapakita rin ng representasyon o katangian ang kahulugan ng pagiging isang babae upang mabuo ang kanilang kultura at karanasan **錯誤！找不到參照來源。**. Ang mga representasyon o katangian ng mga kababaihan sa mga piling tula ay makikita sa talahanayan 1.

**Talahanayan 1**

*Representasyon o katangian ng kababaihan na mamamalas sa mga piling tula*

| Pamagat ng Tula | Representasyon | Siping Pahayag | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| *Liham ni Pinay Mula sa Brunei* – Ruth S. Mabanglo | Babaeng masipag at nagsasakripisyo para sa pamilya | "Ako'y guro, asawa at ina<br>Isang babae – pupol ng pabango, pulbos at seda<br>Kaulayaw ng batya, kaldero at kama<br>Napagod yata ako't nanghinawa<br>Nagsikap mangibang-lupa". | Ang pagpupunyagi ng kababaihan bilang OFW *(Overseas Filipino Worker)* na handang iwan ang sariling bayan upang magtrabaho sa ibang bansa |
| *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahong ng Digma* – Joi Barrios | Babaeng matatag sa gitna ng hirap at panganib sa mga hamon ng buhay | "Ang pagiging babae ay pamumuhay sa panahong ng digma." | Ang katatagan ng kababaihan sa gitna ng kaguluhan. Sa kabila ng panganib at kakulangan, ang babae ay patuloy na gumaganap bilang ina, tagapagtaguyod, at tagapangalaga. |
| *Bago ang Babae* – Rebecca T. Añonuevo | Babaeng malaya at may sariling pagkakakilanlan | "Na isa akong tao bago isang babae." | Hindi na siya nakatali sa tradisyonal na papel na itinakda ng lipunan; sa halip, kinikilala niya ang sarili bilang indibidwal na may boses, kakayahan, at awtonomiya. |

**Liham ni Pinay Mula sa Brunei (1987) ni Ruth S. Mabanglo**

Mababasa sa tulang ito ang karanasan ng isang Filipina na nangingibang-bansa na isang **babaeng masipag at nagsasakripisyo para sa pamilya.** Makikita sa saknong na:

*Ako'y guro, asawa at ina*
*Isang babae – pupol ng pabango, pulbos at seda*
*Kaulayaw ng batya, kaldero at kama*
*Napagod yata ako't nanghinawa*
*Nagsikap mangibang-lupa.*

Masasalamin dito ang representasyon ng kababaihan bilang masipag, maaasahan at nagsasakripisyo para sa pamilya. Sa ganitong konteksto, inilalarawan na ang babae ay hindi lamang tagapag-alaga ng tahanan kundi aktibong tagapagtaguyod sa hamon ng kabuhayan kahit mapalayo sa pamilya. Ang ganitong paglalarawan ay nagpapakita sa kababaihan bilang malakas na tagapangalaga sa ekonomiya ng pamilya, na lagpas sa tradisyonal na imaheng nakatali lamang sa gawaing domestiko. Gayunpaman, makikita rin dito ang isyu ng kaliwa't kanang pasanin na inaasahan ng pamilya habang nakikipagsapalaran sa ibang bansa para magtrabaho.

Pinatutunayan ito ng Philippine Statistics Authority (PSA, 2023) tinatayang may 2.16 milyong Overseas Filipino Workers (OFWs) ang naitala mula Abril hanggang Setyembre 2023, kung saan 1.20 milyon o humigit-kumulang 55.6% ay kababaihan. Ipinapakita rin sa datos na ang karamihan sa mga OFW ay nasa edad na 30 pataas at mas nakararami sa kanila ang nagtatrabaho sa mga bansang Asya at Gitnang Silangan, kung saan malaking bahagi ay nasa sektor ng serbisyo tulad ng *domestic work* at *caregiving*. Ang pagtaas ng bilang ng kababaihang OFW ay patunay ng kanilang mahalagang papel sa ekonomiya bilang pangunahing tagapagtaguyod ng pamilya sa pamamagitan ng migrasyon at paggawa. Dagdag pa ng International Labour Organization (ILO, 2022) milyun-milyong kababaihang migranteng manggagawa sa buong mundo ay nakapaloob sa *care economy*, kung saan sila ay gumaganap ng mabibigat na tungkulin sa bahay at serbisyo habang nakararanas ng *double burden*, ang sabay na responsibilidad sa pamilya at sa trabaho. Binibigyang-diin ng ulat na ang ganitong kalagayan ay nagdudulot ng emosyonal na sakripisyo, paghihiwalay sa pamilya, at mataas na antas ng pagkamaramdamin sa pagsasamantala.

Sa kabuoan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang representasyon ng kababaihan bilang masipag at nagsasakripisyo para sa pamilya ay nakaugat sa aktuwal na karanasan ng mga kababaihang Pilipino sa konteksto ng *labor migration.*

**Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1990) ni Joi Barrios**

Namamayani sa tula ang kalagayan ng **babaeng matatag sa gitna ng hirap at panganib** na mula sa linyang:

*Ang pagiging babae ay pamumuhay*

*sa panahong ng digma.*

Inilalarawan ang babae bilang matatag at patuloy na lumalaban sa kabila ng mga hamon ng lipunan. Ipinapakita sa tula na ang *digma* ay hindi lamang literal na kaguluhan kundi simbolo rin ng pang-aapi, diskriminasyon, at hindi pantay na pagtrato sa kababaihan. Sa kabila nito, inilalarawan ang babae bilang matapang at matatag. Binabasag nito ang tradisyonal na pananaw na ang babae ay mahina at tahimik lamang. Ayon kay Verceles (2021) ang pagbibigay-tinig sa mga karanasan at pakikibaka ng kababaihan ay isang mahalagang paraan ng paghamon sa mga patriyarkal na estruktura at pananaw sa lipunan. Dahil dito, ang mga akdang feminista ay nagsisilbing anyo ng pagtutol sa patriyarkal na sistema sa pamamagitan ng paglalahad ng mga karanasang nagbibigay-kamalayan sa kalagayan ng kababaihan. Batay sa aktuwal na ipinapakita ng lipunan hinggil sa kababaihan, pinatutunayan ng UN Women (2023) mahigit 600 milyong kababaihan at batang babae ang naninirahan sa mga bansang apektado ng digmaan at krisis. Tumaas din ang kaso ng karahasan laban sa kababaihan sa panahon ng tunggalian. Sa Pilipinas, maraming kababaihan ang nakararanas ng *domestic violence,* diskriminasyon, at kahirapan ngunit nananatiling matatag bilang tagapagtaguyod ng pamilya. Dagdag pa rito, natuklasan nina Im et al. (2023) na patuloy na nakararanas ang kababaihan ng *harassment* at *psychological harm* dulot ng *gender inequality*, ngunit nananatili silang matatag sa pagharap sa mga hamon ng lipunan.

Sa kabuoan, ipinapakita ng linyang "*Ang pagiging babae ay pamumuhay sa panahong ng digma"* ang kababaihan bilang matatag sa gitna ng hirap at panganib. Sa lente ng feminismo, inilalarawan nito ang babae bilang may kakayahang lumaban at magpatuloy sa kabila ng diskriminasyon at krisis na nararanasan sa lipunan.

**Bago ang Babae (1996) ni Rebecca Añonuevo**

Ang tulang *Bago ang Babae* ni Rebecca T. Añonuevo ay nagpapakita ng pagnanais ng kababaihan na kilalanin hindi lamang batay sa kasarian kundi bilang isang ganap na tao. Sa linyang *"Na isa akong tao bago isang babae,"*

malinaw na inilalarawan ang representasyon ng kababaihan bilang malaya at may sariling pagkakakilanlan. Ipinapakita nito na ang babae ay may sariling identidad, kakayahan, at karapatang makilala lampas sa mga itinakdang papel ng lipunan.

Sa pananaw ng feminismo, binibigyang-diin ng linyang ito ang pagtutol sa patriyarkal na pananaw na inililimita ang babae sa tradisyonal na tungkulin bilang mahina, tahimik, at nakadepende sa lalaki. Ipinapakita ng tula na ang babae ay isang indibidwal na may sariling boses, pagpapasya, at pagkatao bago pa man siya ikahon ng lipunan bilang "babae." Sa ganitong paraan, ang tula ay nagiging anyo ng feministang paglaban sa *stereotype* at hindi pantay na pagtingin sa kababaihan. Ayon kay Verceles (2021), mahalagang mabigyang-tinig ang identidad at mga karanasan ng kababaihan upang mahamon ang mga umiiral na pananaw at estrukturang naglilimita sa kanilang pagkilos at pagkakakilanlan. Sa ganitong pananaw, ang mga akdang feminista ay nagsisilbing pagbasag sa dominanteng pananaw ng lipunan tungkol sa kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kanilang identidad, boses, at karanasan.

Maiuugnay ito sa kasalukuyang kalagayan ng kababaihan na patuloy na naghahangad ng pagkilala at pantay na oportunidad sa lipunan. Ayon sa UN Women Gender Snapshot (2024), bagama't may mga pag-unlad na sa partisipasyon ng kababaihan sa paggawa at iba pang larangan, nananatili pa rin ang mga hamon kaugnay ng *gender inequality* sa usapin ng trabaho, pamumuno, at representasyon sa lipunan. Dagdag pa rito, ipinakikita ng ulat ng World Economic Forum (2024) na kababaihan lamang ang bumubuo sa 31.7% ng mga *senior leadership positions* sa buong mundo, na nagpapakita ng patuloy na kakulangan ng kababaihan sa mga posisyong may kapangyarihan at impluwensiya. Sa Pilipinas naman, ayon sa UN Women Data Hub (2024), 27.3% lamang ng mga puwesto sa parlamento ang hawak ng kababaihan. Ipinakikita ng mga datos na bagama't unti-unti nang kinikilala ang kakayahan at ambag ng kababaihan, nananatili pa rin ang mga limitasyon, *stereotype*, at *gender expectations* na humahadlang sa kanilang ganap na representasyon, kalayaan, at pagkakakilanlan sa lipunan.

Sa kabuoan, ang linyang "Na isa akong tao bago isang babae" ay nagpapakita sa kababaihan bilang malaya at may sariling pagkakakilanlan. Sa lente ng feminismo, ipinapahayag nito ang pagtutol sa patriyarkal na pananaw na naglilimita sa kakayahan at identidad ng babae. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mensahe ng tula sapagkat marami pa ring kababaihan ang patuloy na nakikipaglaban para sa pantay na pagkilala, oportunidad, at kalayaan sa lipunan.

Kaugnay ng mga natuklasan sa talahanayan, isinagawa ni Baes (2024) ang pag-aaral na *Women's Midlife as Gendered Development: The Lived Experiences of Selected Filipino Women in Midlife* upang suriin ang mga karanasan ng mga Pilipinang kababaihan sa kanilang iba't ibang tungkulin sa buhay. Batay sa mga panayam at *focus group discussion*, natuklasan na ang mga kababaihan ay gumaganap ng maraming tungkulin sa trabaho at pamilya, kabilang ang pagiging manggagawa, lider, ina, at tagapag-alaga. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang kanilang pagkakakilanlan ay patuloy na lumalawak at nagbabago habang hinaharap nila ang magkakasabay na responsibilidad at inaasahan ng lipunan. Ang mga natuklasang ito ay kaugnay ng representasyon ng kababaihan sa mga piling tula sapagkat ipinakikita rin dito ang babae bilang masipag at mapagsakripisyo para sa pamilya, matatag sa pagharap sa mga hamon, at may sariling pagkakakilanlan na higit sa tradisyonal na papel na itinakda ng lipunan.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng talahanayan 1 na ang mga piling tula ay kumakatawan sa kababaihan bilang masipag at mapagsakripisyo para sa pamilya, matatag sa gitna ng hirap at panganib, at malaya at may sariling pagkakakilanlan. Sa *Liham ni Pinay Mula sa Brunei*, namamalas ang babae bilang manggagawa at tagapagtaguyod ng pamilya na handang magsakripisyo para sa kabuhayan. Sa *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma*, inilalarawan naman siya bilang matatag at may kakayahang harapin ang panganib, pang-aapi, at iba pang hamon ng buhay. Samantala, sa *Bago ang Babae*, binibigyang-diin ang babae bilang isang malayang indibidwal na may sariling tinig, pagpapasya, at pagkakakilanlan. Sa ganitong mga representasyon, makikita na ang mga piling tula ay lumalampas sa tradisyonal na paglalarawan sa kababaihan bilang asawa, ina, at tagapag-alaga lamang, at sa halip ay inilalahad sila bilang mga aktibong indibidwal na may kakayahang magpasya, magsakripisyo, lumaban, at bumuo ng sariling pagkakakilanlan.

*3.2 Mga estereotipo ng kababaihan batay sa karanasang masasalamin sa mga piling tula*

Upang mas lubos na maunawaan ang tunay na karanasan ng mga kababaihan sa lipunan, mahalagang suriin kung ano-anong mga estereotipo naman ang kanilang hinahaharap sa araw-araw na buhay upang makamit ang kanilang mga mithiin. Ang mga estereotipo sa tula ay tumutukoy sa labis na payak at pangkalahatang paglalarawan o pagtingin sa isang tao o grupo tulad ng mga kababaihan na madalas ang mga ito ay sumasalamin sa kanilang pagkatao o karanasan. Ang mga estereotipo sa tula ay umiiral na pananaw at nakasanayang gawain ng lipunan sa mga kababaihan na nagmula sa tradisyonal na kultura na kung saan hindi pantay ang pagtingin ng mga kababaihan sa iba pang kasarian 錯誤！找不到參照來源。 sa ganitong konteksto, mahalaga na suriin ang mga estereotipo sa mga piling tula upang maipakita kung paano naiimpluwensiyahan ng mga esterotipo ang pagkakakilanlan ng mga kababaihan sa lipunan.

**Talahanayan 2**

*Mga estereotipo ng kababaihan batay sa karanasang masasalamin sa mga piling tula*

| Pamagat ng Tula | Estereotipo | Siping Pahayag | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| *Liham ni Pinay Mula sa Brunei* – Ruth S. Mabanglo | Babae bilang tagagawa ng lahat ng gawaing bahay | "Kaulayaw ng batya, kaldero at kama." | Naglilimita sa kababaihan sa loob ng tahanan, na para bang ang kanyang halaga ay nakabatay lamang sa kakayahang mag-asikaso ng pamilya at sambahayan. |
| *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahong ng Digma* – Joi Barrios | Babae bilang mahina at laging nasa panganib sa lipunan | "Sa lansangan, ang paglakad sa gabi'y pag-anyaya sa kapahamakan." | Ang pananaw ng lipunan na ang babae ay marupok at madaling mabiktima, lalo na sa panahon ng kaguluhan. Ito ay nagbubunga ng takot at limitasyon sa kalayaan ng kababaihan, na para bang ang kanyang presensya sa pampublikong espasyo ay palaging may kaakibat na panganib. |
| *Bago ang Babae* – Rebecca T. Añonuevo | Babae na inaasahang mag-asawa at sumunod sa mga pamantayan sa lipunan | "Hindi ko kailangan sumunod sa inaasahan ng lahat, tulad ng pag-asawa." | Ang babae ay dapat mag-asawa at sumunod sa nakasanayan. Ngunit tinatanggihan ng makata ang ganitong pananaw, ipinapakita na ang babae ay may karapatan sa sariling desisyon at kalayaan na hindi nakatali sa dikta ng lipunan. |

**Liham ni Pinay Mula sa Brunei (1987) ni Ruth S. Mabanglo**

Kapansin-pansin sa tula na ito ang paglalarawan sa kalagayan ng kababaihang nakatali sa mga gawaing domestiko. Pansinin ang linya sa ibaba:

*Kaulayaw ng batya, kaldero at kama*

Makikita ang estereotipong **babae bilang tagagawa ng lahat ng gawaing bahay**, kung saan inaasahang ang babae ang pangunahing responsable sa paglilinis, pagluluto, at pag-aalaga sa pamilya. Ipinapakita ng tula ang paulit-ulit at mabigat na gawaing ipinapataw sa kababaihan sa loob ng tahanan. Ipinapakita ng linyang ito ang patriyarkal na pananaw na naglilimita sa papel ng babae sa gawaing domestiko. Ang batya, kaldero at kama ay sumisimbolo sa tradisyonal na tungkuling iniuugnay sa kababaihan bilang tagapaglingkod ng tahanan at pamilya. Sa ganitong sistema, hindi nakikita at hindi nabibigyang-halaga ang *labor* ng kababaihan sa bahay. Gayunpaman, sa paglalantad ng ganitong karanasan, nagiging anyo rin ito ng feministang pagpuna sa hindi pantay na distribusyon ng responsibilidad sa loob ng pamilya at lipunan. Ang mga akdang feminista ay nagsisilbing pagbasag sa *stereotype* na ang babae ay nakatalaga lamang sa gawaing pantahanan at pag-aaruga. Sa halip, binibigyang-diin ng mga akdang ito ang kakayahan, kalayaan, at aktibong partisipasyon ng kababaihan sa iba't ibang larangan ng lipunan, na humahamon sa tradisyonal at patriyarkal na pananaw tungkol sa kanilang papel at pagkakakilanlan.

Makikita sa kasalukuyang kalagayan ng kababaihan sa lipunan ayon sa UN Women (2024) ang kababaihan ay gumugugol ng humigit-kumulang 2.5 beses na mas maraming oras sa *unpaid domestic work* kaysa sa kalalakihan. Dagdag pa rito, ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA, 2023) mas mataas pa rin ang bilang ng kababaihang hindi nakapapasok sa *full-time employment* dahil sa responsibilidad sa tahanan at pag-aalaga ng pamilya. Ipinapakita ng mga datos na nananatiling nakaatang sa kababaihan ang karamihan sa gawaing bahay kahit sila ay nagtatrabaho rin sa labas ng tahanan. Ayon din sa World Health Organization (2024) kababaihan ang nagsasagawa ng humigit-kumulang 76% ng *unpaid care work* sa buong mundo, na nagpapakita ng patuloy na hindi pantay na paghahati ng gawaing domestiko sa pagitan ng babae at lalaki.

Sa kabuoan, ipinapakita ng tula ni Mabanglo ang estereotipong babae bilang **tagagawa ng lahat ng gawaing bahay** na naglalahad ng hindi pantay na pananaw ng lipunan na naglilimita sa papel ng babae sa gawaing domestiko at pag-aaruga. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling makabuluhan ang mensahe ng tula sapagkat marami pa ring kababaihan ang patuloy na nakararanas ng dobleng pasanin sa loob at labas ng tahanan.

**Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma – Joi Barrios**

Mamamalas naman sa tulang ito ang paglalarawan sa kalagayan ng kababaihan sa isang lipunang puno ng panganib at karahasan. Sa linyang:

*Sa lansangan,*
*ang paglakad sa gabi'y*
*pag-anyaya sa kamapamakan.*

Ang estereotipong **babae bilang mahina at laging nasa panganib**, kung saan ang babae ay itinuturing na madaling mabiktima ng karahasan at pang-aabuso sa pampublikong espasyo. Sa pananaw ng feminismo, ipinapakita ng linyang ito ang realidad ng patriyarkal na lipunan kung saan ang kababaihan ay nililimitahan ng takot at kawalan ng seguridad. Ang simpleng paglalakad ng babae sa gabi ay inilalarawan bilang mapanganib, na nagpapakita ng hindi pantay na kalayaan sa pagitan ng babae at lalaki sa paggamit ng pampublikong espasyo. Inilalantad ng tula na ang kababaihan ay madalas na nakararanas ng *victim-blaming* at kontrol sa kanilang pagkilos sa halip na tugunan ang tunay na sanhi ng karahasan. Ang mga akdang feminista ay nagsisilbing paraan upang maipakita ang karanasan ng kababaihan sa ilalim ng mga sistemang naglilimita sa kanilang seguridad at kalayaan. Sa pamamagitan nito, naihahayag ang kanilang mga pakikibaka at nabibigyang-pansin ang mga suliraning kanilang kinakaharap sa lipunan.

Nasaksihan din ito sa aktuwal na kalagayan ng kababaihan. Ayon sa UN Women (2024) tinatayang 736 milyong kababaihan sa buong mundo ang nakaranas ng pisikal o seksuwal na karahasan kahit minsan sa kanilang buhay. Nabanggit din sa UN Women Gender Snapshot (2024) ang karahasan laban sa kababaihan ay nananatiling isa sa pinakamalaking hadlang sa *gender equality* at kalayaan ng kababaihan sa buong mundo. Kaya dagdag ng Philippine Commission on Women (2023) na 1 sa bawat 4 na Pilipinang edad 15–49 ang nakaranas ng *emotional*, *physical*, o *sexual violence* mula sa *intimate partners.* Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang takot ng kababaihan sa pampublikong lugar ay nakaugat sa umiiral na patriyarkal na kultura.

Sa kabuoan, ipinapakita sa tula ni Barrios ang estereotipong babae bilang **mahina at laging nasa panganib**. Inilalantad ay hindi pantay na kalagayan ng kababaihan sa lipunan kung saan ang kanilang kalayaan at seguridad ay nalilimitahan ng takot sa karahasan. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mensahe ng tula sapagkat marami pa ring kababaihan ang patuloy na nakararanas ng panganib at diskriminasyon sa iba't ibang espasyo ng lipunan**.**

**Bago ang Babae (1996) ni Rebecca Añonuevo**

Ang tulang *Bago ang Babae* ni Rebecca T. Añonuevo, ay malinaw na tumatalakay sa mga inaasahan ng lipunan sa kababaihan. Sa linyang:

*Hindi ko kailangang sumunod sa inaasahan ng lahat,*
*tulad ng pag-asawa*

Makikita ang estereotipong **babae na inaasahang mag-asawa at sumunod sa pamantayan ng lipunan**. Ipinapakita ng tula ang pagtanggi ng babae sa tradisyonal na pananaw na ang halaga ng kababaihan ay nakabatay sa pag-aasawa at pagsunod sa itinakdang papel ng lipunan. Ang linyang ito ay isang anyo ng paglaban sa patriyarkal na sistemang nagdidikta kung paano dapat mamuhay ang kababaihan. Tradisyonal na inaasahan sa babae ang mag-asawa, bumuo ng pamilya, at sumunod sa pamantayang itinakda ng lipunan. Sa pagtanggi ng persona na sumunod dito, ipinapakita ang pag-angkin niya sa sariling kalayaan at karapatang pumili para sa sarili.

Binasag ng tula ang paniniwalang ang babae ay dapat nakatali lamang sa papel bilang asawa o ina. Nagsisilbi itong paraan upang hamunin ang mga *stereotype* at limitasyong ipinapataw sa kababaihan ng patriyarkal na kultura at binibigyang-diin ang kanilang kakayahan, kalayaan, at sariling pagkakakilanlan.

Sa kasalukuyang pag-aaral ng UN Women (2024) maraming kababaihan sa iba't ibang bansa ang patuloy na nakararanas ng *social pressure* kaugnay ng pag-aasawa, pagiging ina, at pagsunod sa tradisyunal na *gender roles* at pinatutunayan din UN Women Gender Snapshot (2024) ang *gender stereotypes* at tradisyonal na pananaw sa papel ng kababaihan ay nananatiling hadlang sa kanilang kalayaan at partisipasyon sa lipunan. Idinagdag ng Philippine Statistics Authority (PSA, 2023) tumataas ang bilang ng kababaihang Pilipino na pinipiling unahin ang edukasyon at karera bago ang pag-aasawa. Ipinapakita rin ng datos na mas maraming kababaihan ngayon ang pumapasok sa *labor force* at *leadership positions* kumpara sa mga nakaraang dekada. Gayunpaman, nananatili pa rin ang *stereotype* na ang ganap na babae ay yaong may asawa at pamilya.

Sa kabuoan, ipinapakita ng tula na ang pag-asawa ay pageestereotipo sa babae na sumunod sa pamantayan ng lipunan. Kaya inilalarawan nito ang pagtutol ng kababaihan sa patriyarkal na pananaw at ang pagnanais na magkaroon ng sariling kalayaan at pagkakakilanlan. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mensahe ng tula sapagkat marami pa ring kababaihan ang patuloy na humaharap sa mga inaasahan at *stereotype* ng lipunan hinggil sa kanilang papel at desisyon sa buhay.

Maiuugnay ang mga natuklasan sa pag-aaral nina Reich-Stiebert et al. (2023) na nagpapakitang kababaihan pa rin ang karaniwang gumaganap ng mas malaking bahagi ng *mental labor* na kaugnay ng gawaing bahay at pag-aalaga ng anak, na may kaugnayan din sa *stress* at epekto sa kanilang trabaho at personal na buhay. Sa konteksto naman ng Pilipinas, natuklasan nina Biana et al. (2023) na maraming kababaihan sa Metro Manila ang nakararanas ng *sexual harassment* at iba pang panganib habang gumagamit ng pampublikong transportasyon, na nagpapakita kung paano naaapektuhan ng *gender-based violence* ang kanilang kalayaan at pakiramdam ng seguridad. Samantala, ipinakita ni Kuang (2025) na nananatiling mahalaga sa kulturang Pilipino ang mga pagpapahalagang nakasentro sa pamilya at mga pamantayang kaugnay ng pag-aasawa at pagiging magulang. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakitang ang mga *stereotype* na lumilitaw sa mga tula ay may kaugnayan sa aktuwal na karanasan ng kababaihan sa tahanan, pampublikong espasyo, at pamilya.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng talahanayan 2 na ang mga piling tula ay naglalahad ng mga estereotipong patuloy na humuhubog sa karanasan at kalagayan ng kababaihan. Lumilitaw ang babae bilang pangunahing tagapag-alaga ng tahanan, mahina at madaling malagay sa panganib, at inaasahang sumunod sa pamantayang panlipunan hinggil sa pag-aasawa. Gayunpaman, hindi lamang inilalahad ng mga tula ang mga *stereotype* kundi inilalantad at hinahamon din ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay-tinig sa karanasan, takot, pagod, at pagnanais ng kababaihan para sa kalayaan. Sa gayon, ipinakikita ng mga akda na ang mga *stereotype* ay hindi likas na katangian ng babae kundi mga panlipunang pananaw na maaaring magtakda at maglimita sa kaniyang papel, kalayaan, at pagkakakilanlan.

### *3.3 Mga usaping panlipunang kinakaharap ng mga kababaihan sa piling tula*

Ang panghuling bibigyan ng pansin sa pag-aaral na ito upang mas lubos na maunawaan ang mga kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan ay ang pagsusuri sa mga usaping panlipunan. Ang mga usaping panlipunan ay tumutukoy rin sa tunay na karanasan ng mga kababaihan lalo na ang mga isyung may kinalaman sa kapangyarihan, kasarian, at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan. Sa mga piling tula na sinuri, ang mga usaping panlipunan ay pinalitaw gamit ang mga tayutay, simbolo, tono, at imahe upang hamunin ang mga umiiral na pamantayan na naaayon sa tradisyon tungkol sa mga kababaihan. Kadalasan, ang mga feminismong tema na makikita sa mga tula tungkol sa mga kababaihan ay karanasan ng pang-aapi at pakikipagtunggalian laban sa hindi pantay na pagtrato dahil ang kasarian ay ang ugat ng mga umiiral na usaping panlipunan (Arkan, Aulia, Peranginangin, Depary, at Rangkuti, 2024).

Sa gayon, nagiging mahalaga ang mga usaping panlipunan sa mga piling tula tungkol sa mga kababaihan

sapagkat ito ang daan upang maipahayag ang boses ng mga kababaihan at maipakita ang kanilang patuloy na pakikipagsapalaran para sa isang pantay na lipunan. Kaya naman, makikita sa talahanayan 9 ang mga usaping panlipunan na nangingibabaw sa mga piling tula.

**Talahanayan 3**

*Mga usaping panlipunang kinakaharap ng mga kababaihan sa piling tula*

| Pamagat ng Tula | Usaping Panlipunan | Siping Pahayag | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| *Liham ni Pinay Mula sa Brunei* – Ruth S. Mabanglo | Migrasyon at epekto sa pamilya | "Napapagod yata ako't nanghinawa / Nagsikap mangibang-lupa." | Ang realidad ng migrasyon ng kababaihan bilang Overseas Filipino Worker (OFW). Ang pag-alis upang magtrabaho sa ibang bansa ay nagdudulot ng sakripisyo, pangungulila, at emosyonal na epekto sa pamilya, ngunit ito rin ay paraan upang makamit ang mas maayos na kabuhayan. |
| *Ang Pagiging Babae sa Panahong ng Digma* – Joi Barrios | Kaligtasan at karahasan sa lipunan | "Walang sandaling walang panganib. Sa sariling tahanan, ang pagsagot at pagsuway ay pag-akit ng pananakit." | Patuloy na banta ng karahasan laban sa kababaihan, hindi lamang sa lansangan kundi maging sa loob ng tahanan. Ang pahayag ay sumasalamin sa kawalan ng seguridad ng kababaihan sa lipunan, na nagiging hadlang sa kanilang kalayaan at dignidad. |
| *Bago ang Babae* – Rebecca T. Añonuevo | Pantay na karapatan at kalayaang magpahayag ng kababaihan | "Hindi ko kailangang manahimik kung kailangang magsalita." | Ang pag-angkin ng kababaihan sa karapatang magsalita at magdesisyon para sa sarili. Binabasag nito ang tradisyonal na pananaw na ang babae ay dapat tahimik at sunod-sunuran sa lipunan. Ito ay pagpapahalaga sa boses, dignidad, at kalayaan ng kababaihan. |

**Liham ni Pinay Mula sa Brunei (1987) ni Ruth S. Mabanglo**

Lutang na lutang sa tulang ito ang paglalarawan sa hirap at sakripisyong dinaranas ng mga Pilipinong nangingibang-bansa upang maitaguyod ang pamilya. Sa linyang:

*Napapagod yata ako't nanghinawa*

*Nagsikap mangibang-lupa*

Makikita ang usaping panlipunang **migrasyon at epekto nito sa pamilya**, kung saan ipinapakita ang pagod, pangungulila, at emosyonal na bigat na kaakibat ng pangingibang-bansa ng kababaihan. Ipinapakita sa tula ang kababaihan bilang pangunahing tagapagtaguyod ng pamilya na handang magsakripisyo kahit kapalit nito ang sariling kaligayahan at presensya sa tahanan. Inilalantad nito ang "double burden" o kaliwa't kanang pasanin na dinaranas ng kababaihan bilang manggagawa at tagapag-alaga ng pamilya. Ang pagnanais na mangibang-bansa ay hindi lamang personal na desisyon kundi bunga rin ng ekonomiko at panlipunang kondisyon na nagtutulak sa kababaihan upang maghanapbuhay sa ibang bansa. Sa ganitong paraan, ipinakikita ng tula ang lakas at sakripisyo ng kababaihan sa gitna ng migrasyon at kahirapan.

Batay sa kasalukuyang kalagayan ng maraming pamilyang Pilipino, pinatutunayan ng Philippine Statistics Authority (PSA, 2023) may tinatayang 2.16 milyong Overseas Filipino Workers (OFWs) mula Abril hanggang Setyembre 2023, kung saan 55.6% ay kababaihan. Marami sa kanila ang nagtatrabaho bilang *domestic workers*, *caregivers*, at *service workers* upang masuportahan ang pamilya sa Pilipinas. Gayunpaman, ayon sa ulat ng International Labour Organization (ILO, 2022) ang matagal na pagkakalayo sa pamilya ay nagdudulot ng *emotional stress*, *homesickness*, at epekto sa relasyon ng magulang at anak. Ipinapakita ng mga datos na ang migrasyon ay may malaking epekto hindi lamang sa ekonomiya kundi pati sa emosyonal at sosyal na kalagayan ng pamilya.

Pinagtibay ito ng pagtalakay nina Sabio, Pandey, at Parreñas (2022) sa konsepto ng *global care chain*, kung saan maraming migranteng kababaihan ang iniiwan ang kanilang sariling pamilya upang magbigay ng pangangalaga at serbisyo sa ibang bansa. Ipinakikita nito ang emosyonal na sakripisyo at patuloy na responsibilidad na dinadala ng kababaihan bilang ina at asawa kahit sila ay nasa ibayong dagat. Dagdag pa rito, ayon sa International Labour Organization (2022) ang kababaihang *migrant workers* ay mas nakararanas ng *psychological stress* at *labor exploitation* dahil sa mabibigat na kondisyon sa trabaho at pagkakalayo sa pamilya.

Sa kabuoan, ipinapakita ng tula ang usaping panlipunang **migrasyon at epekto nito sa pamilya.** Sa lente ng

feminismo inilalarawan ang kababaihan bilang masipag ngunit nagsasakripisyo at napapagod sa gitna ng responsibilidad sa pamilya at trabaho. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mensahe ng tula sapagkat maraming Pilipinang OFW ang patuloy na humaharap sa emosyonal at panlipunang epekto ng migrasyon alang-alang sa kinabukasan ng kanilang pamilya.

**Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1991) ni Joi Barrios**

Matutunghayan sa tula ang paglalarawan sa kalagayan ng kababaihan sa isang lipunang puno ng takot at karahasan. Pansinin ang taludtod sa ibaba:

*Walang sandaling walang panganib.*
*Sa sariling tahanan,*
*ang pagsagot at pagsuway*
*ay pag-akit ng pananakit*

Makikita ang usaping panlipunang **kaligtasan at karahasan sa lipunan**, kung saan maging ang tahanan na inaasahang ligtas na espasyo ay nagiging lugar ng pang-aabuso at pananakit sa kababaihan. Ipinapakita ng feminismong pananaw ang linyang ito ang patriyarkal na sistemang nagbibigay-kapangyarihan sa karahasan laban sa kababaihan. Ang *pagsagot at pagsuway* ay nagpapakita na ang babae ay inaasahang maging tahimik at sunod-sunuran, at kapag lumalaban o nagpapahayag ng saloobin ay maaari siyang makaranas ng pananakit. Inilalantad ng tula ang kultura ng takot at kontrol na nararanasan ng maraming kababaihan sa loob mismo ng tahanan. Sa ganitong paraan, nagiging anyo ng feministang pagpuna ang tula laban sa normalisasyon ng *domestic violence* at pang-aabuso sa kababaihan.

Ito ang kasalukuyang kalagayan ng maraming kababaihan sa lipunan. Batay sa pag-aaral ng UN Women (2024) tinatayang 736 milyong kababaihan sa buong mundo ang nakaranas ng pisikal o seksuwal na karahasan kahit minsan sa kanilang buhay. Sa Pilipinas naman, ayon sa Philippine Commission on Women (2023) humigit-kumulang 1 sa bawat 4 na kababaihang Pilipino edad 15–49 ang nakaranas ng emosyonal, pisikal, o *sexual violence* mula sa kanilang asawa o kapareha. Ipinapakita ng mga datos na maraming kababaihan ang nakararanas ng panganib hindi lamang sa pampublikong lugar kundi maging sa loob ng sariling tahanan. Ayon na rin sa UN Women Gender Snapshot (2024) ang karahasan laban sa kababaihan ay nananatiling isa sa pinakamalaking hadlang sa *gender equality* at kaligtasan ng kababaihan sa buong mundo. Binibigyang-diin sa ulat na ang *domestic violence* ay mas lumalala sa mga lipunang may matinding *gender inequality* at patriyarkal na pananaw. Dagdag pa rito, natuklasan nina Im et al. (2023) na maraming kababaihan ang nakararanas ng *psychological harm, fear*, at *trauma* dulot ng *gender-based violence* sa loob at labas ng tahanan. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang takot at kawalan ng seguridad ng kababaihan ay nakaugat sa umiiral na diskriminasyon at hindi pantay na relasyon ng kapangyarihan sa lipunan.

Sa kabuoan, sa sariling tahanan, ang pagsagot at pagsuway ay pag-akit ng pananakit. Ang usaping panlipunang **kaligtasan at karahasan sa lipunan** ay lente ng feminismong naglalantad ng realidad sa pang-aabuso at kawalan ng seguridad ng mga kababaihan sa loob ng patriyarkal na sistema. Sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mensahe ng tula sapagkat marami pa ring kababaihan ang patuloy na nakararanas ng karahasan at diskriminasyon sa loob at labas ng tahanan.

**Bago ang Babae (1996) ni Rebecca Añonuevo**

Ang tulang Bago ang Babae ni Rebecca T. Añonuevo, ay malinaw na nagpapakita sa pagnanais ng kababaihan na magkaroon ng sariling tinig at kalayaan sa pagpapahayag. Mababasa sa linyang:

*Hindi ko kailangang manahimik*
*kung kailangang magsalita*

Ang usaping panlipunang **pantay na karapatan at kalayaang magpahayag** ng kababaihan. Ipinapakita ng

tula na ang babae ay may karapatang magsalita, maglahad ng saloobin, at makilahok sa mahahalagang usaping panlipunan nang hindi nililimitahan ng patriyarkal na pananaw. Ang linyang ito ay isang malinaw na pagtutol sa tradisyonal na paniniwalang ang babae ay dapat manatiling tahimik at sunod-sunuran. Ipinapakita ng tula na ang pananahimik ay hindi obligasyon ng kababaihan, lalo na kung may pangangailangang magsalita laban sa diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay. Sa ganitong paraan, ang tula ay nagiging anyo ng feministang paglaban sapagkat binibigyang-diin nito ang karapatan ng kababaihan na magkaroon ng boses at sariling paninindigan sa lipunan. Ang mga akdang feminista ay nagsisilbing paraan upang mabigyang-lakas at pagkilala ang tinig ng kababaihan sa harap ng mga limitasyon at hindi pagkakapantay-pantay na dulot ng patriyarkal na kultura.

Ayon sa UN Women (2024) kababaihan lamang ang bumubuo ng humigit-kumulang 27% ng *parliamentary positions* sa buong mundo, na nagpapakita ng kakulangan ng representasyon ng kababaihan sa paggawa ng desisyon at pampublikong diskurso at batay na rin sa ulat ng UN Women Gender Snapshot (2024) ang mababang representasyon ng kababaihan sa *leadership* at *decision-making positions* ay bunga pa rin ng umiiral na *gender stereotypes* at diskriminasyon sa lipunan. Dagdag pa rito, ayon sa World Economic Forum (2024) bagama't tumataas ang partisipasyon ng kababaihan sa edukasyon at trabaho, marami pa rin ang nakararanas ng *gender discrimination* at limitadong pagkakataon upang maipahayag ang kanilang saloobin sa politika, *media*, at pamumuno kaya patuloy pa ring nakararanas ang kababaihan ng online *harassment* at *gender stereotyping* kapag sila ay nagsasalita tungkol sa mga usaping panlipunan at pulitikal.

Sa kabuoan, ipinapakita ng tula ang usaping panlipunang **pantay na karapatan at kalayaang magpahayag** ng kababaihan na naglalarawan ng pagtutol ng kababaihan sa pananahimik at diskriminasyong ipinapataw ng lipunan.Sa pangkalahatan, ang pagsusuri sa mga usaping panlipunan sa mga piling tula tungkol sa mga kababaihan ay higit pa sa payak na pag-unawa sa damdamin at karanasan ng mga kababaihan dahil ito ay naglalantad at naghahamon sa mga umiiral na mga paniniwala ng lipunan tungkol sa mga kababaihan tulad ng hindi pantay na pagtrato batay sa kasarian. Ang mga piling tula nina *Ruth Mabanglo – Liham ni Pinay mula sa Brunei (1987); Joi Barrios – Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (1990); at Rebecca Añonuevo – Bago ang Babae (1996)* ay hindi lamang salamin ng kanilang personal na karanasan kundi nagsisilbing daan upang mabigyang tinig ang boses ng mga kababaihan at naghihikayat sa mga kababaihan sa kanilang patuloy na pakikipagsapalaran sa kabila ng mga esterotipo at mga suliranin. Ipinapakita rin sa mga piling tula na sa kabila ng mga hamon, estereotipo, at negatibong pananaw ng lipunan ang mga kababaihan ay patuloy pa rin sa kanilang pakikipagsapalaran gamit ang kanilang kalayaan at katapangan upang labanan ang mga umiiral na mga pamantayan **錯誤！找不到參照來源。**.

Malawak ang impluwensiya ng tula sa paghubog ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral lalo na kapag gamit ang feminismong pananaw na pinalalalim ng estrukturalismong pananaw. Ang pagsusuri sa mga tula gamit ang mga nasabing pananaw ay nagpapalalim sa pang-unawa tungkol sa mga isyung pagkakapantay-pantay ng kasarian, karanasan ng kababaihan, representasyon, feminismong tema, at mga usaping panlipunan na ipinapahayag gamit ang estruktura ng tula tulad ng tugma, sukat, kariktan, tayutay, simbolismo, tono, at imahe. Sa konteksto ng Filipino 9, ang pag-aaral gamit ang feminismo at estrukturalismong pananaw ay nagpapalawak ng perspektiba ng mga mag-aaral tungkol sa mga usaping panlipunan at naghahamon sa mga umiiral na pamantayan at estereotipo ng mga kababaihan sa lipunan. Sa pagtuturo, ipinapakita na ang mga pananaw na ito ay nakatutulong sa pag-angat ng kamalayan ng mga mag-aaral sa pagkakapantay-pantay ng karapatan batay sa kasarian at sa paglikha ng inklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan ang mga isyu ng kasarian ay malayang napag-uusapan at mas naiintindihan **錯誤！找不到參照來源。**.

Batay sa mga natuklasan sa talahanayan 3, ipinakikita na ang mga piling tula ay sumasalamin sa mahahalagang usaping panlipunang kinakaharap ng kababaihan, partikular sa migrasyon at epekto nito sa pamilya, kaligtasan at karahasan sa lipunan, at pantay na karapatan at kalayaang magpahayag. Sa *Liham ni Pinay Mula sa Brunei*, inilalarawan ang migrasyon ng kababaihan bilang paraan ng pagtataguyod sa pamilya ngunit may kaakibat na sakripisyo, pangungulila, at emosyonal na bigat. Sa *Ang Pagiging Babae sa Panahon ng Digma*, inilalantad naman

ang patuloy na banta ng karahasan at kawalan ng seguridad ng kababaihan maging sa loob ng tahanan at sa pampublikong espasyo. Samantala, sa *Bago ang Babae*, binibigyang-diin ang karapatan ng kababaihan na magsalita, magpasiya, at magkaroon ng sariling kalayaan. Sa magkakaibang usaping ito, malinaw na ang mga tula ay nagsisilbing salamin ng tunay na kalagayan ng kababaihan at daluyan ng kanilang tinig laban sa hindi pagkakapantay-pantay, karahasan, at mga panlipunang limitasyong humahadlang sa kanilang dignidad at kalayaan.

## 4. Kongklusyon

Sa mga piling tulang sinuri, ang mga representasyon o mga katangian ng mga kababaihan na lumitaw ay ang pagiging masipag, marunong magsakripisyo, matatag sa pagharap ng hirap at panganib, at ang pagiging malaya sa pagkamit ang kanilang mga mithiin. Ipinapahayag sa mga piling tula na ang kababaihan ay handang manindigan sa kanilang mga tungkulin at mithiin sa kabila ng mga umiiral na tungkulin na kanilang dapat gampanan sa lipunan. Kung kaya, ang mga representasyon at mga katangiang ito ay naglalarawan na ang mga kababaihan ay handang makikipagsapalaran sa hamon ng buhay upang mapatunayan ang kanilang kakayahan at pagkakakilanlan sa kabila ng mga umiiral na tungkulin, pagod, takot at pangamba.

Sa patuloy na pagsusuri sa mga piling tula, natuklasan ang mga estereotipong naranasan ng mga kababaihan tulad ng sila ang inaasahang gumawa ng lahat ng gawaing bahay at umalalay sa pamilya, mahina at laging nasa panganib, at dapat sumunod sa tradisyonal na papel, kabilang ang pag-aasawa at tahimik na pagsunod sa pamantayan ng lipunan. Ipinapakita sa mga piling tula na ang lipunan ang naglilimita sa mga kababaihan upang ipakita ang kanilang kakayahan at pagkakakilanlan gamit ang mga estereotipo ngunit sa kabila ng mga estereotipo, ang mga kababaihan ay patuloy pa ring nakikibaka na magkaroon ng pantay at kalayaan sa lipunang kanilang kinabibilangan.

Upang lubos na makita ng lipunan ang tunay na karanasan ng mga kababaihan, inilalahad ang mga ito sa pamamagitan ng mga lumitaw na usaping panlipunan sa mga piling tula. Ang mga usaping panlipunan na patuloy na hinaharap ng mga kababaihan ay ang mabigat na responsibilidad sa pamilya, hindi pantay na gampanin sa tahanan, at emosyonal na pasanin; may panganib, diskriminasyon, at panlipunang presyor din; at ang pagkakaroon ng kalayaan, pagkakakilanlan, at labanan ang mga imposisyon ng lipunan. Sa kabuoan ang mga usaping panlipunan na hinaharap ng mga kababaihan ay nagpapakita ng patuloy na pakikibaka sa gitna ng mga hamon upang makamit ang kalayaan at pagkakakilanlan.

Napalulutang ang mga estruktura ng tula mula sa pagsusuri ng tugma, sukat, kariktan, mga tayutay, simbolo, tono, at imahe upang makita ang mga karanasan ng mga kababaihan sa lipunan gamit ang mga makabuluhang mga salita. Sa pamamagitan nito, napalitaw ang mga representasyon o katangian, feminismong tema, estereotipo, at mga usaping panlipunan tungkol sa mga kababaihan. Ito rin ang nagsisilbing daan upang mas labis na maunawaan at mailalarawan ang tunay na buhay ng mga kababaihan sa lipunan mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo at ang ugnayan nito sa makabagong panahon.

Mula sa natuklasan at kongklusyon, ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nagmumungkahi ng mga sumusunod:

- Isama sa pagtuturo ang tugma, sukat, kariktan, mga tayutay, simbolo, tono, at imahe upang mailahad ang karanasan ng kababaihan at gamitin ang mga piling tula upang ipakita ang pagkakaiba ng tugma, sukat, kariktan, mga tayutay, simbolo, tono, at imahe ayon sa panahon na nabuo ang tula upang maipakita ang mga karanasan ng mga kababaihan mula 1986 hanggang sa pagbubukas ng bagong milenyo

- Itampok sa *LAC (Learning Action Cell) sessions* ang mga representasyon at katangian ng kababaihan mula sa mga piling tula gaya ng kasipagan, sakripisyo, at katatagan upang mahikayat ang mga guro na gamitin ang mga ito sa kanilang pagtuturo upang mapalawak ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa mga kababaihan.

- Iugnay ang mga feminismong tema sa mas malawak na diskurso ng pantay na karapatan ng kasarian at katarungang panlipunan sa pamamagitan ng mga aktibidad na pinangungunahan ng *Gender and Development* tulad ng pagbuo ng *information drive, seminar, o symposium* na tumatalakay sa kalayaan, pakikibaka, at pagkakakilanlan ng kababaihan.

- Mag-organisa ng isang kampanya na pinangungunahan ng mga mag-aaral tulad ng *SSLG (Supreme Secondary Learner Government at BKB (Barkada Kontra Bisyo)* bilang panimulang punto sa pagbabasag ng estereotipo at isama sa mga sa pamamagitan ng talakayan kung paano nakaaapekto ang tradisyonal na pananaw sa kababaihan, paghahambing ng estereotipo noon at ngayon, at pagbuo ng mga materyales gaya ng *posters* o presentasyon upang ipakita ang pagbabago at patuloy na hamon sa lipunan.

- Bumuo ng *research-based projects o action research* ang mga guro at mag-aaral na nakatuon sa mga usaping panlipunan na hinaharap ng mga kababaihan sa makabagong panahon tulad ng mabigat na responsibilidad ng kababaihan sa pamilya, hindi pantay na gampanin sa tahanan, emosyonal na pasanin, panganib, diskriminasyon, at panlipunang presyor.

- Iminumungkahing gamitin ang nabuong *lesson exemplar* sa pagtuturo ng tula na naglalaman ng estruktura ng tula ayon sa tugma, sukat, kariktan, tayutay, simbolo, tono, at imahe, representasyon o katangian ng mga kababaihan, mga feminismong tema, estereotipo, at usaping panlipunan na makikita sa mga piling tula upang maging gabay sa pagtuturo at mas mapalawak ang kamalayan ng mga mag-aaral sa tunay na kalagayan ng kababaihan sa lipunan.

***AI Use Disclosure*** **-** Sa paghahanda ng pananaliksik na ito, gumamit ang may-akda ng artipisyal na intelihensya (AI) upang mapadali ang ilang bahagi ng proseso. Partikular, ginamit ang *Copilot* para sa pagbuo ng mga ideya at pag-aayos ng balangkas (*outline*) ng pananaliksik, pagwawasto ng gramatika, pagpapabuti ng daloy ng pagsulat, at pagsasalin ng ilang termino at pagbibigay ng paliwanag sa mga komplikadong konsepto upang mas maging malinaw ang presentasyon. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa *AI tools.* Ang may-akda ang nagdadala ng buong responsibilidad sa katumpakan, integridad, at nilalaman ng huling bersyon ng dokumentong ito.

## 5. Mga Sanggunian


Africa-Verceles, N. A. (2021). From the personal to the political: Young, Filipino, and feminist. Asian Journal of Women's Studies, 27(1), 109–129. https://doi.org/10.1080/12259276.2021.1882089

Arkan, M. F., Aulia, F. S., Peranginangin, A. T., Depary, A. E., & Rangkuti, R. (2024). A feminist stylistic analysis on "Being a Woman" poem. E-Journal of Linguistics, 236–241.

Baes, A. (2024). Women's midlife as gendered development: The lived experiences of selected Filipino women in midlife. Proceedings of the 6th Global Conference on Women's Studies.

Biana, H. T., Jabar, M., Yabut, H., & Domingo, R. (2023). Modified feminist self defense: Violence against women in transit in Metro Manila. Journal of Transportation Security, 16, Article 11.

Cerenado, K. A., & Quimbo, M. A. (2022). Exploring feminist pedagogy to create an inclusive learning environment: Selected cases at the secondary level. Philippine Social Science Journal.

Chauke, O., Usinga, M., Kubayi, S., Mafuwani, B., Chauke, W., & Motlhaka, H. (2021). Female stereotypes in selected Xitsonga poetry. Psychology and Education.

Cuddon, J. A. (2013). A dictionary of literary terms and literary theory (5th ed.). Wiley-Blackwell.

Dela Peña, J. M. (2023). Integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 53–64.

Department of Education. (2023, September 8). MATATAG curriculum. https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/

Gorumba, J. A. (2019). Pagsasalin at pagsusuri ng akdang panitikan. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7(1).

Im, J., Schoenebeck, S., Iriarte, M., Grill, G., Wilkinson, D., Batool, A., Alharbi, R., Funwie, A., Gankhuu, T., Gilbert, E., & Naseem, M. (2023). Women's perspectives on harm and justice after online harassment.

CoRR. https://doi.org/10.48550/arXiv.2301.11733

International Labour Organization. (2022). Care work and migration: Global estimates and trends. https://www.ilo.org/

Jocson, J. V. (2020). A feminist reading of Filipino women poets. Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 12(6), 1–12.

Kuang, B. (2025). Is marriage "just a paper"? Why men and women choose cohabitation over marriage in the Philippines: Insights from focus group data. Genus, 81, Article 23. https://doi.org/10.1186/s41118-025-00263-2

Mangarin, R. A., & Bungabong, R. A. (2024). Women through the lens of Philippine literature: Analysis of notable and inspiring traits. RSIS International, 2784–2794.

Philippine Commission on Women. (2023). Statistics on violence against women in the Philippines. https://pcw.gov.ph/

Philippine Commission on Women. (2025, July 10). Breaking educational barriers: PCW and partners launch first-ever gender-responsive assessment tools for evaluating instructional materials. Philippine Information Agency. https://pia.gov.ph/news/breaking-educational-barriers-pcw-and-partners- launches-first-ever-gender-responsive-assessment-tools-for-evaluating-instructional-materials/

Philippine Statistics Authority. (2024, September 13). 2023 Overseas Filipino Workers (Final Results). https://psa.gov.ph/content/2023-overseas-filipino-workers-final-results

Reich-Stiebert, N., Froehlich, L., & Voltmer, J.-B. (2023). Gendered mental labor: A systematic literature review on the cognitive dimension of unpaid work within the household and childcare. Sex Roles, 88, 475–494. https://doi.org/10.1007/s11199-023-01362-0

Sabio, G. S., Pandey, K., & Parreñas, R. S. (2022). Global care chains. In Routledge handbook of immigration and refugee studies (2nd ed., pp. 172 183). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003194316-21

Stotz, M. (2023). Bringing women's literature into the secondary classroom: A comprehensive unit plan. Honors Theses. University of Nebraska–Lincoln.https://digitalcommons.unl.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1533&context=honorstheses

UN Women. (2023, October 24). Women are increasingly at-risk in conflict, underrepresented in peace processes, according to UN Secretary-General report. https://www.unwomen.org/en/news-stories/feature-story/2023/10/women-are-increasingly-at-risk-in-conflict-underrepresented-in-peace-processes-according-to-un-secretary-general-report

UN Women. (2024). Progress on the Sustainable Development Goals: The gender snapshot 2024. United Nations Entity for Gender Equality and the Empowerment of Women. https://www.unwomen.org/en/digital-library/publications/2024/09/progress-on-the-sustainable-development-goals-the-gender-snapshot-2024

UN Women Data Hub. (2024). Country fact sheet: Philippines. https://data.unwomen.org/country/philippines

Viacrucis, F. (2024). Pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo. International Journal of Research Studies in Education, 13(2), 63–72.

World Economic Forum. (2024). Global gender gap report 2024. World Economic Forum. https://www.weforum.org/publications/global-gender-gap-report-2024/

World Health Organization. (2024). Delivered by women, led by men: A gender and equity analysis of the global health and social workforce. World Health Organization. https://www.who.int/publications/i/item/9789241515467